# MGA DAAN TUNGO SA PAG-AARAL SA DALAWANG WIKA


## MULA SA UNANG YUGTO NG PAGKABATA HANGGANG MATAAS NA PAARALAN


### PRESCHOOL AT/O KINDERGARTEN: BILITERACY PATHWAY RECOGNITION (PAGKILALA NG DAAN TUNGO SA PAG-AARAL SA DALAWANG WIKA)

Ang mga estudyanteng naka-enroll sa multilingguwal na programa o nagsasalita ng wikang bukod sa o bilang karagdagan sa Ingles sa bahay ay maaaring makatanggap ng Biliteracy Pathway Recognition (Pagkilala ng Daan Tungo sa Pag-aaral sa Dalawang Wika) sa panahon ng preschool at/o kindergarten upang masimulan sila sa daan tungo sa pag-aaral sa dalawang wika.

**Mga pagkilalang magagamit:**

- Biliteracy Program Participation (Pagsali sa Programa ng Pag-aaral sa Dalawang Wika)
- Home Language Development (Pagpapaunlad ng Wika sa Tahanan)





### PAARALANG ELEMENTARYA: BILITERACY PATHWAY RECOGNITION (PAGKILALA NG DAAN TUNGO SA PAG-AARAL SA DALAWANG WIKA)

Maaaring muling igawad ang Biliteracy Pathway Recognition (Pagkilala ng Daan Tungo sa Pag-aaral sa Dalawang Wika) sa mga pangunahing bahaging pang-edukasyon sa paaralang elementarya. Halimbawa, maaaring igawad ang pagkilala sa mga baitang 3 at 5 sa programang kindergarten hanggang baitang 8.

**Mga pagkilalang magagamit:**


- Biliteracy Program Participation (Pagsali sa Programa ng Pag-aaral sa Dalawang Wika)
- Home Language Development (Pagpapaunlad ng Wika sa Tahanan)

### KATAPUSAN NG PAG-AARAL SA ELEMENTARYA AT MIDDLE SCHOOL: BILITERACY ATTAINMENT RECOGNITION (PAGKILALA SA PAGSASAKATUPARAN NG PAG-AARAL SA DALAWANG WIKA)

Ang Biliteracy Attainment Recognition (Pagkilala sa Pagsasakatuparan ng Pag-aaral sa Dalawang Wika), ang pinakahuli sa mga Biliteracy Pathway Recognition, ay maaaring igawad sa katapusan ng pag-aaral sa elementarya at/o middle school, depende sa modelo ng programa. Ang ibang mga Pathway recognition ay maaari ring muling igawad sa pagkakataong ito.

**Mga pagkilalang magagamit:**

- Biliteracy Program Participation (Pagsali sa Programa ng Pag-aaral sa Dalawang Wika)
- Home Language Development (Pagpapaunlad ng Wika sa Tahanan)
- Biliteracy Attainment (Pagsasakatuparan ng Pag-aaral sa Dalawang Wika)






### MATAAS NA PAARALAN: STATE SEAL OF BILITERACY (SAGISAG NG ESTADO SA PAG-AARAL SA DALAWANG WIKA)

Sa panahon ng mataas na paaralan, ang mga estudyanteng sumali sa mga multilingguwal na programa sa paaralang elementarya ay maaaring maging handa na sa mga Advanced Placement na kurso o dalawahang pag-enroll sa community college.

Ang California State Seal of Biliteracy (Sagisag ng Estado ng California sa Pag-aaral sa Dalawang Wika) ay maaaring igawad sa mga magtatapos na senior sa mataas na paaralan na nagpakita ng mataas na antas ng kahusayan sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita sa isang wika sa mundo na bukod sa Ingles.

May mga Tanong? Makipag-ugnayan sa California Department of Education Multilingual Support Division sa pamamagitan ng email sa SEAL@cde.ca.gov

# MGA BILITERACY PATHWAY RECOGNITION

## IMPORMASYON AT MGA SANGGUNIAN

Mayroong maraming daan tungo sa pag-aaral sa dalawang wika, at ang mga pagkilalang ito ay nagbibigay sa mga paaralan at distrito ng oportunidad na bigyang-diin ang ilan sa mga daang ito upang hikayatin ang mga estudyanteng pursigihin ang pag-aaral sa dalawang wika o pag-aaral sa maraming wika sa mataas na paaralan at pagkatapos nito.

### Pagkilala sa Pagsali sa Programa ng Pag-aaral sa Dalawang Wika

Magagamit ng mga estudyanteng naka-enroll sa mga programang mauuwi sa pag-aaral sa dalawang wika sa preschool, kindergarten, elementarya at middle school. Bilang pagkilala sa pagsali, ibinibigay ang pagkilala na ito sa lahat ng estudyanteng naka-enroll sa programa at hindi nakabatay sa kakayahan ng estudyante. Ang pagkilalang ito ay isang pagpasok sa daan tungo sa pag-aaral sa dalawang wika o maraming wika.

### Home Language Development Recognition (Pagkilala sa Pagpapaunlad ng Wika sa Tahanan)

Magagamit sa mga bagong bilingguwal na estudyante na may wika sa tahanan na bukod sa Ingles sa preschool, kindergarten, elementarya, at middle school. Ibinibigay ang pagkilalang ito sa mga estudyanteng nagpapakita na patuloy nilang pina-uunlad ang wika sa tahanan sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga aktibidad na angkop sa edad sa wika sa tahanan. Ang pagkilalang ito ay isang pagpasok sa daan tungo sa pag-aaral sa dalawang wika o maraming wika.

### Biliteracy Attainment Recognition (Pagkilala sa Pagsasakatuparan ng Pag-aaral sa Dalawang Wika)

Magagamit sa mga estudyante sa katapusan ng pag-aaral sa elementarya (ang antas ng baitang ay depende sa modelo ng programa na karaniwang nasa ikalima o ikaanim na baitang), at sa katapusan ng middle school (ang antas ng baitang ay depende sa modelo ng programa na karaniwang nasa ikawalong baitang). Nakabatay ang pagkilalang ito sa kahusayan at iginagawad sa mga estudyanteng natutugunan ang mga partikular na pamantayan ng kahusayan sa Ingles at isa o higit pang mga wika na bukod sa Ingles. Nakahanay ang pagkilalang ito sa mga iniaatas para sa State Seal of Biliteracy (Sagisag ng Estado sa Pag-aaral sa Dalawang Wika) at isang pagpapahiwatig na kung magpapatuloy ang estudyante sa daang ito sa mataas na paaralan, magiging handa silang matugunan ang mga iniaatas upang makuha ang State Seal of Biliteracy.

## Mga Sanggunian

**Web page ng CDE Hinggil sa mga Pagkilala sa Daan Tungo sa Pag-aaral sa Dalawang Wika** sa https://www.cde.ca.gov/sp/el/er/biltrcypathwy.asp o i-scan ang QR code sa kaliwa

**Web page ng CDE Hinggil sa Sagisag ng Estado sa Pag-aaral sa Dalawang Wika** sa https://www.cde.ca.gov/sp/el/er/sealofbiliteracy.asp o i-scan ang QR code sa kaliwa

**Web page ng CDE Hinggil sa Toolkit ng Magulang para sa Multilingguwal na Edukasyon** sa https://www.cde.ca.gov/sp/el/er/multilingualtoolkit.asp o i-scan ang QR code sa kaliwa